

Kung may malaking kalamidad o may inaasahang panganib na paparating, ang lungsod ng Fujimi City ay mag-aanunsyo ng pagpapayo at tagubilin sa paglikas



Gabay sa Pagplano ng Paghahanda sa Kalamidad ng Fujimi City

タガログ語

Gaano kapanganib	Mga impormasyon sa paglikas	Anong dapat gawin ng mga residente
	避難準備・高齢者等避難開始 ひなん じゅんぴ・ hinan jumbi こうれいしゃとう ひなん かいし koreishato hinankaishi	Maghanda sa paglikas. Ang mga may kapansanan at matatanda ay mauunang lilisan.
	避難勧告 ひなん かんこく hinan kankoku	Lahat ay kailangan nang lumikas . Kaagad na lumikas sa evacuation center.
	避難指示 (緊急) ひなん しじ (きんきゅう) hinan shiji (kinkyu)	Mapanganib! Lahat ay lumikas. Sinumang hindi pa lumilikas kaagad lumisan. Kung mahirap nang makalabas, pumunta sa ligtas o mataas na parte ng bahay (2 nd flr).

Impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad

- Meteorological Agency (English)
<http://www.jma.go.jp/jma/indexe.html>
- Fujimi City (English, Chinese, Korea)
<http://www.city.fujimi.saitama.jp/96etc/translation.html>



Pag may emerhensya

Pagtawag sa pulisya pag may krimen o aksidente



Pagtawag sa fire truck o ambulansya pag may sunog o biglaang pagkakasakit



※Sa Fujimi City, Fujimino City at Miyoshi Town ay may serbisyong pagsasalin sa telepono sa wikang English, Chinese, Portuguese, at Spanish.



Hindi natin alam kung kailan magkakaroon ng emerhensya kaya dapat tayong maging handa lalo na sa pakikipag komunikasyon. Matutulungan natin ang ating sarili kung tayo ay mag-aaral ng wikang Hapon.

Safety Dept., Regional Development Div., Fujimi City Hall

1800-1, Tsuruma, Ohaza, Fujimi-shi, Saitama Prefecture
Zip code: 354-8511

Tel: 049-251-2711 (Tel.No. ng City Hall)

Isinagawa noong Disyembre, 2018



Magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa iba pang miyembro ng komunidad

Sa panahon ng kalamidad kinakailangan ang pagtutulungan at pakipagkooperasyon ng mga miyembro ng komunidad. Kilalanin at makipag ugnayan sa pamamagitan ng pagbati at paglahok sa mga kaganapan o ebento. Makilahok sa mga disaster prevention drills ng lungsod at bayan upang magkaroon ng komunikasyon sa iba pang mga residente at mapag-usapan ang mga problemang natagpuan at sama-samang makapag-plano ng mabuting pamamaraan sa paglutas ng mga ito.



Paghahanda maging sa pangkaraniwang araw

Buong pamilya sama-sama sa pagplano ng paghahanda

- Sakaling magkaroon ng kalamidad, alam ba ng buong pamilya kung saan magtitipon at kung saang evacuation center?
- Sa kaganapan ng kalamidad ay maaring hindi magamit ang telepono o e-mail, pag-usapan kung paano ang pagkontak.
- Pag-usapan at pagpasyahan ang mga dapat gawin at kung sino ang itatakdang miyembro ng pamilya sa pagdadala ng багаhe sa paglikas, pagsasara ng gaas, breaker ng kuryente, at iba pa.


Alamin ang nakatalagang evacuation center at daan patungo rito

- Ilang beses ding tandaan ang lugar ng evacuation centers na malapit sa tirahan, eskuwelahan, at pinagtrabahuhan
- Sa pangkaraniwang araw puntahan at lakarin ang daang patungo sa evacuation center para masiguro na ito ay ligtas (tingan sa Fujimi City Evacuation Centers' Map)

Tamang pag-ayos at paglagay ng mga kasangkapan at iba pa

- Sa pagbagsak ng kasangkapan, pagkabasag ng mga pinggan at iba pang kagamitan ay maari kayong masugatan at maantala sa inyong paglikas, kung kaya't ayusing maigi ang mga kasangkapan para hindi madaling bumasak o mabasag.

Lagyan ng L-bracket metal na pang suporta




Ikiling ang mga kasangkapan sa dingding




Lagyan ng bar para mas matibay na suporta



Ilagay ang mabibigat sa ibaba at ang magagaan sa itaas para hindi madaling bumagsak



Lagyan ng aparatong pampigil ng biglaang pagbukas ng aparador at iba pang kasangkapan



Paghanda ng mga kakailanganing gamit

Kapag nagkaroon ng malakihang kalamidad, ang tubig, gaas, kuryente, linya ng komunikasyon ay maaring matigil. Maghanda tayo ng kakailanganing gamit at pagkain para sa 3 araw o higit pa.

Inuming tubig, tubig sa pang-araw-araw na gamit

- Inuming tubig (3 litro X 3 araw kada tao)
- Inuming tubig
- Thermos bottle

Mga Pagkain

- Pag-imbak ng pagkain para sa 3 araw
- Packed foods
- Plastic wrap
- Paper cups
- Paper plates etc.
- Snacks
- Chopsticks
- Powdered milk
- Kutsara
- De-latang pagkain
- Can opener

Gamot at iba pa

- First aid kit (antiseptic solution, ointment, gauze, bandage, adhesive tape)
- Gunting
- Tweezers
- Disposable heating pads
- Gamot na palagiang iniinom
- Cut cottons

Gamit sa pang-iinit

- Gas cylinder
- Gas cylinder
- Portable gas cooker

Paghanda sa brown out

- Flashlight (malaki/maliit)
- Ekstrang batteries

Impormasyon

- Cellular phone
- Portable radio

Damit at sanitary goods

- Damit
- Tissue paper
- Face masks
- Towel
- Wet tissues
- Working gloves
- Sanitary goods
- Portable toilet
- Diapers
- Supot para sa basura
- Toilet paper
- Sipilyo at iba pa

Iba pang gamit

- Lighter
- Gasera
- Sleeping bag
- Gamit panulat
- Marker pens
- Kandila
- Whistle
- Dyaryo
- Pantali
- Packing tape



Mag-imbak ng pangkaraniwang kinakain para sa emerhensya

Mag-imbak ng palagiang kinakain kagaya ng cup noodles, curry packs, at iba pa na maaring magtagal sa room temperature. Kung makain man ang emergency food stocks bumili ulit ng pamalit upang parating mayroong nakaimbak ng mga pagkain para sa emerhensya.

Mga gamit na dapat nakahanda sa paglikas

Piliin lamang ang mga kagamitang kakailanganin sa paglikas

- Bag na pang-emerhensya
- Pera (barya)
- Health insurance card
- Bankbook
- Gamot na palagiang iniinom

- Helmet
- Kapote
- Card
- Seal/Inkan
- Battery charger

- Passport
- Resident card

Pagkain sa 1 araw

- Pagkain sa emerhensya
- Inuming tubig
- Dry biscuit



Ipaalam ang pagiging ligtas ng sarili

Kapag nagkaroon ng malaking kalamidad katulad ng malakihang lindol maaring hindi matawagan sa telepono ang mga bayan at lugar kung saan nagkalindol. Sa panahong ito ay maaring ipaalam ang kalagayan ng pamilya, kamag-anak, kaibigan at iba pa sa pamamagitan ng Disaster Message Service ng serbisyong landline phones, mobile phones, at internet

【Disaster Message Service】

■ Disaster Message Service: Dial (171)

にほんご
<http://www.ntt-east.co.jp/saigai/voice171/>

English
<https://www.ntt-east.co.jp/en/saigai/voice171/>

■ Disaster Message Board Service (Japanese / English)

NTT docomo
<http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi>

KDDI (au)
<http://dengon.ezweb.ne.jp/>

SoftBank /Y!mobile
<http://dengon.softbank.ne.jp>







■ Disaster Message Service (web171)

Japanese · English · Korean · Chinese
<https://www.web171.jp/web171app/topRedirect.do>






Paano protektahan ang inyong sarili sa lindol

Kapag nasa loob ng bahay o sa loob ng gusali

→ Pag nakaramdam ng pagyanig ng lindol		
<p>Protektahan ang sarili</p> <ul style="list-style-type: none"> Magtago sa ilalim ng mesa o ibp. at huwag kaagad tatakbo sa labas. Magsuot ng sneakers o ibp para sa proteksyon ng paa. 	<p>I-check ang gas at kuryente</p> <ul style="list-style-type: none"> Pag tumigil na ang pagyanig patayin ang maaring pagmulan ng apoy Sa paglikas isara ang gas at breaker ng kuryente 	<p>Siguraduhing may daanan palabas</p> <ul style="list-style-type: none"> Buksan ang pintuan at bintana para madaling makalabas (maari itong masira at hindi na mabuksan) Lagyan ng pangharang para huwag magsara ang pinto at bintana 
→ Pagkatapos humupa ng pagyanig		
<p>Siguraduhin kung ligtas ang pamilya</p> <ul style="list-style-type: none"> Tawagan ang kapamilya para masiguro na ligtas ang kalagayan Kung ang isang kapamilya ay nakatira sa malayo, tawagan ito sa napag-usapang paraan. 	<p>Alamin ang tamang impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Alamin ang tamang impormasyon sa radio, TV, o public disaster radio Huwag maniwala sa mga sabi-sabi lamang 	<p>Sa Paglikas</p> <ul style="list-style-type: none"> Hangga't maari magsama-sama sa paglilikas 




Kung kayo ay kasalukuyang nasa labas

→ Pag nakaramdam ng pagyanig ng lindol		
<p>Kung nasa daan</p> <ul style="list-style-type: none"> Lumayo sa mga pader na gawa sa bloke, vending machines, poste ng kuryente atbp na maaaring mabuwal o matumba. Mag-ingat sa mga salamin, karatula, na maaring bumagsak, at takpan ang ulo ng bag o iba pa. 	<p>Sa loob ng elevator</p> <ul style="list-style-type: none"> Pindutin ang lahat ng pindutan ng palapag at bumaba kung saan unang tumigil. Kung nasarhan, pindutin ang emergency button at humingi ng tulong. 	<p>Nagmamaneho ng sasakyan</p> <ul style="list-style-type: none"> Bagalan ang takbo at huminto sa kaliwang bahagi ng daan at patayin ang makina. Pag tumigil na ang lindol, kumuha ng impormasyon Kung lilikas iwanan ang susi sa sasakyan. 

Paano protektahan ang inyong sarili sa bagyo at pagbabaha

Kung may banta ng pagbaha sanhi ng malakas na ulan, mangalap ng impormasyon at lumikas agad. Alamin ang daanan sa paglikas, at kung kailangan lumikas makipagtulungan at maging mahinahon.. Iwasang dumaan sa may ilog, underpass o mga istruktura sa ilalim ng lupa.

Paghanda sa paglikas kung may banta ng pagbabaha

<p>Huwag lumapit sa delikadong lugar</p> <ul style="list-style-type: none"> Huwag pumunta sa malapit sa ilog. Iwasan ang lugar na kagaya ng underpass na maaring daluyan ng maraming tubig. 	<p>Huwag padalos-dalos sa paglikas</p> <ul style="list-style-type: none"> Mahirap lumikas kung malalim na ang baha. Kung may panganib maagang lumikas. Magsuot ng sports shoes sa paglikas. Mag-ingat sa manhole na walang takip at mga kanal. 	<p>Kung mahirap nang lumikas</p> <ul style="list-style-type: none"> Kung mahirap nang pumunta sa evacuation center, pumunta sa itaas ng malapit na matibay na gusali. Kung mahirapan nang lumabas, pumunta sa mataas at ligtas na lugar sa bahay. 
---	---	---

Paglikas sa evacuation center

Kung may malawakang pinsala maaring tumira sa bahay kung ito'y ligtas o kaya sa evacuation center ng lungsod. May 31 evacuation centers na nakatalaga kagaya ng elementary schools o junior high schools (p.6 sa Mapa ng Fujimi City Evacuation Centers). Kung may baha, maaring hindi magamit ang ibang evacuation centers. Alamin sa mapa ang evacuation center na malapit sa inyong tirahan na maaring masilungan.

Kung hindi lilikas sa evacuation center at titigil sa bahay

Kung ligtas at hindi kinakailangang pumunta sa evacuation center, maaring tumigil sa bahay. Makipagtulungan din sa iba pang kapitbahay



Kung lumikas sa evacuation center

<ul style="list-style-type: none"> Sumunod sa patakaran <ul style="list-style-type: none"> Sundin ang takdang oras na paggising, pagtulog, tamang paggamit ng banyo, o lugar na maaring manigarilyo. Iwasang maging maingay Sundin ang tungkulin sa pangangasiwa ng evacuation center <ul style="list-style-type: none"> Makiisa sa paglilinis, pagluluto, pagtanggap ng nagsilikas, pamamahagi ng gamit, at iba pang gawain. Makipagtulungan sa iba pang pangangasiwa. 	<ul style="list-style-type: none"> Pananatili ng kalusugan <ul style="list-style-type: none"> Mag-ehersisyo, maghugas lagi ng kamay at magmumog, panatiliing malinis ang banyo, toilet, atbp. Pag-uunawa sa may allergy sa pagkain, may kapansanan at matatanda <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng konsiderasyon sa mga may allergy sa pagkain, may kapansanan, at matatanda.
---	---



Kung hindi marunong ng Nihongo o nahirapan sa pag-intindi magsabi lamang sa kinauukulan.

ふじみし ひなんじょ まっぷ
富士見市避難所マップ

Mapa ng Evacuation Centers sa Fujimi City




避難所 Hinanjo Evacuation center

1 鶴瀬小学校	Tsuruse-sho	049-251-0144
2 水谷小学校	Mizutani-sho	049-251-1130
3 南畑小学校	Nambata-sho	049-251-1139
4 関沢小学校	Sekizawa-sho	049-252-2886
5 勝瀬小学校	Katsuse-sho	049-262-1065
6 つるせ台小学校	Tsurusedai-sho	049-251-2112
7 水谷東小学校	Mizutani higashi-sho	049-252-3850
8 諏訪小学校	Suwa-sho	049-253-1451
9 みずほ台小学校	Mizuhodai-sho	049-253-2981
10 針ヶ谷小学校	Harigaya-sho	049-254-4482
11 ふじみ野小学校	Fujimino-sho	049-267-2312
12 富士見台中学校	Fujimidai-chu	049-251-0473
13 本郷中学校	Hongo-chu	049-252-2889
14 東中学校	Higashi-chu	049-253-1555
15 西中学校	Nishi-chu	049-252-4145
16 勝瀬中学校	Katsuse-chu	049-266-2503
17 水谷中学校	Mizutani-chu	049-254-5335
18 鶴瀬公民館 (鶴瀬コミュニティセンター)	Tsuruse kominkan (Tsuruse community center)	049-251-1140
19 南畑公民館 (勤労文化会館)	Nambata kominkan (Kinro bunka kaikan)	049-251-5663
20 水谷公民館	Mizutani kominkan	049-251-1129
21 水谷東公民館	Mizutani higashi kominkan	048-473-8717
22 関沢児童館	Sekizawa jidokan	049-251-9786
23 鶴瀬西交流センター	Tsuruse nishi koryu center	049-251-2791
24 ふじみ野交流センター	Fujimino koryu center	049-261-5371
25 針ヶ谷コミュニティセンター	Harigaya community center	049-251-8478
26 みずほ台コミュニティセンター	Mizuhodai community center	049-254-2221
27 健康増進センター	Kenko zoshin center	049-252-3771
28 市民総合体育館	Shimin sogo taiikukan	049-251-5555
29 富士見高校	Fujimi koko	049-253-1551
30 大井小学校	Oi-sho	049-261-0242
31 大井東中学校	Oi higashi-chu	049-263-5181

小学校 Elementary schools [-sho] 中学校 Junior high schools [-chu]

※Evacuation centers na nakasulat sa asul ay para sa pagbaha, ito ay bubuksan lamang kung may baha



- Evacuation center na malapit sa inyong tirahan
 - ① _____
 - ② _____
- Alamin ang daan papunta sa evacuation center. (Tingnan kung may delikadong lugar na dadaanan)
- Lugar kung saan magtitipon ang pamilya
 - _____
- Tel.No. ng eskuwelahan ng anak
 - ① _____
 - ② _____
- Tel.No. ng pinagtatrabahuhan
 - _____